

The Love of God

By Elder Benjamin M. Z. Tai
Of the Seventy

Ang Pag-ibig ng Diyos

Ni Elder Benjamin M. Z. Tai
Ng Pitumpu

April 2025 general conference

I joyfully witness that the Savior Jesus Christ is the love of God. His love for us is perfect, personal, and perpetual.

One summer while traveling in a remote area, our family spent an evening sleeping outdoors under a cloudless sky. Clearly visible above us was the magnificent Milky Way, filled with innumerable stars and the occasional shooting star. While we marveled at the majesty of God's creation, we felt a reverent connection to Him. Our young children, who had grown up in Hong Kong, had never experienced anything like this before. They innocently asked if we lived under the same sky back home. I tried to explain to them that it was the same sky, but air and light pollution where we lived prevented us from seeing these stars even though they were there.

The scriptures teach us that “faith is the substance of things hoped for, the evidence of things not seen.” While disorienting distractions and terrestrial temptations cloud our spiritual vision, when we exercise faith in God and His Son, Jesus Christ, we receive clear assurance of Their reality and of Their concern for us.

In the Book of Mormon, the prophet Lehi saw “a tree, whose fruit was desirable to make one happy” and was the “most sweet, above all.” When he tasted the fruit, his soul was filled with

Masaya akong sumasaksi na ang Tagapagligtas na si Jesucristo ay ang pag-ibig ng Diyos. Ang Kanyang pag-ibig sa atin ay ganap, personal, at walang hanggan.

Noong isang tag-init habang naglalakbay sa isang liblib na lugar, ang aming pamilya ay natulog nang isang gabi sa labas sa ilalim ng maaliwalas na kalangitan. Kitang-kita namin sa kalangitan ang napakagandang Milky Way, na puno ng hindi mabilang na mga bituin at ng madalang na bulalakaw. Habang namamangha kami sa karinigan ng mga nilikha ng Diyos, nakadama kami ng malalim na koneksiyon sa Kanya. Ang aming mga batang anak, na lumaki sa Hong Kong, ay hindi pa nakakita ng ganoon. Walang-muwang nilang itinanong kung ang tirahan namin doon ay nasa ilalim din ng kalangitang iyon. Sinubukan kong ipaliwanag na pareho lang, pero dahil sa polusyon sa hangin at sa dami ng artipisyal na liwanag kung saan kami nakatira noon ay hindi namin makita ang mga bituing iyon kahit naroon lang ang mga iyon.

Itinuro sa mga banal na kasulatan na “ang pananampalataya ay ang katiyakan sa mga bagay na inaasahan, ang paninindigan sa mga bagay na hindi nakikita.” Bagama’t pinalalabo ng nakalilitong mga panggagambala at mga tukso sa mundo ang ating espirituwal na paningin, kapag napanampalataya tayo sa Diyos at sa Kanyang Anak na si Jesucristo, makatatanggap tayo ng malinaw na katiyakan na Sila ay totoo at nagmamalasakit sa atin.

Sa Aklat ni Mormon, nakakita si propetang Lehi ng “isang punungkahoy, na ang bunga ay kanais-nais upang makapagpaligaya sa tao” at “napakatamis ... higit pa sa lahat.” Nang tikman

great joy, and he wanted his family to taste it also. We learn that this tree represents “the love of God,” and like Lehi, we too can receive a joyful witness of God when we invite Him into our lives.

Jesus Christ embodies Heavenly Father’s love for us. Through His atoning sacrifice, He took upon Himself our sins and was bruised for our iniquities. He has personally borne our griefs, carried our sorrows, and taken upon Himself our pains and sicknesses. He sends the Holy Ghost to comfort us, and the fruits of the Spirit include joy, peace, and faith, which fill us with hope and love.

While the love of God is accessible to all, many search earnestly for it, while others desire to feel God’s love but do not believe that they deserve it. Some others are desperately trying to hang on to it. The scriptures and the Lord’s prophet teach us that we can consistently experience God’s love when, through the grace of Jesus Christ, we repeatedly repent, frankly forgive, strive to keep His commandments, and selflessly serve others. We feel God’s love when we do things that draw us closer to Him, such as conversing with Him daily through prayer and scripture study, and stop doing things that distance us from Him, such as being prideful, contentious, and rebellious.

President Russell M. Nelson has invited us to “remove, with the Savior’s help, the old debris in our lives” and to “lay aside bitterness.” He has encouraged us to “bolster our spiritual foundations” through “centering our lives on [the Savior] and on the ordinances and covenants of His temple.” He promised that “as we keep our temple covenants, we gain greater access to the Lord’s strengthening power. ... We experience the pure love of Jesus Christ and our Heavenly Father in great abundance!”

niya ang bunga, napuno ng labis na kagalakan ang kanyang kaluluwa, at ninais niya na matikman din ito ang kanyang pamilya. Nalaman natin na ang punungkahoy na ito ay kumakatawan sa “pag-ibig ng Diyos,” at tulad ni Lehi, makatatanggap din tayo ng masayang patotoo tungkol sa Diyos kapag inanyayahan natin Siya sa ating buhay.

Kinakatawan ni Jesucristo ang pag-ibig ng Ama sa Langit para sa atin. Sa pamamagitan ng Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, pinasan Niya ang ating mga kasalanan at nasugatan dahil sa ating mga kasamaan. Pinasan Niya ang ating mga kapighatian at mga kalungkutan, at dinala sa Kanyang sarili ang ating mga pasakit at karamdaman. Isinusugo Niya ang Espiritu Santo upang aluin tayo, at kabilang sa mga bunga ng Espiritu ang kagalakan, kapayapaan, at pananampalataya, na pumupuspos sa atin ng pag-asa at pag-ibig.

Bagama’t ang pag-ibig ng Diyos ay para sa lahat, marami ang masigasig na naghahanap nito, habang nais ng iba na madama ang pag-ibig ng Diyos pero hindi naniniwala na karapat-dapat sila rito. Ang iba naman ay pilit na sinusubukang patuloy na madama ito. Itinuturo sa atin ng mga banal na kasulatan at mga propeta ng Panginoon na lagi nating mararamdaman ang pag-ibig ng Diyos kapag, sa pamamagitan ng biyaya ni Jesucristo, paulit-ulit tayong nagsisisi, tunay na nagpapatawad, nagsisikap na sundin ang Kanyang mga kautusan, at walang pag-iimbot na naglilingkod sa iba. Nadarama natin ang pag-ibig ng Diyos kapag ginagawa natin ang mga bagay na naglalapit sa atin sa Kanya, tulad ng pakikipag-usap sa Kanya araw-araw sa pamamagitan ng panalangin at pag-aaral ng mga banal na kasulatan, at kapag tumitigil tayo sa paggawa ng mga bagay na nagpapalayo sa atin sa Kanya, tulad ng pagiging mapagmataas, palaaway, at mapanghimagsik.

Inanyayahan tayo ni Pangulong Russell M. Nelson na “tanggalin, sa tulong ng Panginoon, ang mga dating basura sa ating buhay” at “isantabi ang pagkapoot.” Hinikayat Niya tayo na “patatagin ang ating mga espirituwal na pundasyon” sa pamamagitan ng “pagtutuong buhay sa Tagapagligtas at sa mga ordenansa at tipan ng Kanyang templo.” Ipinangako niya na “kapag tinutupad natin ang ating mga tipan sa templo, lalo nating natatamo ang nagpapalakas na kapangyarihan ng Panginoon. ... Nararanasan natin nang sagana ang dalisay na pagmamahal ni Jesucristo at ng ating Ama sa Langit!”

I have a friend who was blessed with a beautiful family and a promising career. This changed when an illness left him unable to work, which was followed by a divorce. The years since have been difficult, but his love for his children and the covenants he has made with God have sustained him. One day he learned that his former spouse had remarried and had requested a cancellation of their temple sealing. He was troubled and confused. He sought peace and understanding in the house of the Lord. The day after his visit, I received the following message from him:

“I had an amazing experience in the temple last night. I think it was obvious that I still held quite a bit of resentment. ... I knew that I must change, and I have been praying all week to do so. ... Last night in the temple I literally felt the Spirit remove the resentment from my heart. ... It was such a relief to be freed from it. ... An ominous physical burden bearing down on me has been lifted.”

While he still has his challenges, my friend treasures that experience in the house of the Lord, where the liberating power of the love of God has helped him to feel closer to God, more optimistic about life, and less anxious about his future.

When we experience the love of God, we can bear up our burdens with ease and submit patiently and cheerfully to His will. We have confidence that God will remember His covenants with us, visit us in our afflictions, and deliver us from bondage. We will also desire to share the joy we feel with our family and loved ones. As with Lehi's family, each person has agency to choose whether to partake of the fruit or not, but our opportunity is to love, share, and invite in such a way that those we love can feel the love of God.

To help others feel God's love, we need to cultivate in ourselves Christlike attributes such as humility, charity, compassion, and patience and help turn others towards the Savior through following the two great commandments of loving

May kaibigan ako na nabiyayaan ng magandang pamilya at trabaho. Nagbago ito nang hindi na siya makapagtrabaho dahil sa karamdaman, na sinundan ng diborsyo. Naging mahirap ang mga taon mula noon, ngunit ang pagmamahal niya sa kanyang mga anak at ang mga tipan na ginawa niya sa Diyos ang nagpatibay sa kanya. Isang araw nalaman niya na muling ikinasal ang kanyang dating asawa at hiniling na kanselahin ang kanilang pagkabuklod sa templo. Siya ay nabalisa at nalito. Naghanap siya ng kapayapaan at pag-unawa sa bahay ng Panginoon. Isang araw matapos ang pagbisita niya, natanggap ko mula sa kanya ang sumusunod na mensahe:

“Napakaganda ng karanasan ko sa templo kagabi. Sa tingin ko halata talaga na marami pa rin akong kinikimkim na sama-ng-loob. ... Alam ko na kailangan kong magbago, at nagdasal ako nang buong linggo para magawa iyon. ... Kaga-bi sa templo literal kong nadama na inalis ng Espiritu ang hinanakit sa aking puso. ... Napakalaking ginhawa na makalaya mula rito. ... Isang napakabigat na pisikal na pasanin na gumugupo sa akin ang naalis.”

Bagama't may mga hamon pa rin siya sa buhay, pinahahalagahan ng kaibigan ko ang karanasang iyon sa bahay ng Panginoon, kung saan ang mapagpalayang kapangyarihan ng pag-ibig ng Diyos ay nakatulong sa kanya na madamang mas mapalapit sa Diyos, mas maging positibo sa buhay, at hindi gaanong mag-alala tungkol sa hinaharap.

Kapag nararanasan natin ang pag-ibig ng Diyos, mapapasan natin nang may kagaanang ating mga pasanin at matiyaga at masayang susunod sa Kanyang kalooban. Tiwala tayo na aalalahanin ng Diyos ang Kanyang mga tipan sa atin, dadalawin tayo sa ating mga paghihirap, at ililigtas tayo mula sa pagkaalipin. Nanaisin din natin na ibahagi ang kagalakang nadarama natin sa ating pamilya at mga mahal sa buhay. Tulad sa pamilya ni Lehi, ang bawat tao ay may kalayaang pumili kung kakain ng bunga o hindi, ngunit ang oportunidad na ibinigay sa atin ay magmahal, magbahagi, at mag-anyaya sa paraang madarama ng mga mahal natin sa buhay ang pag-ibig ng Diyos.

Upang matulungan ang iba na madama ang pag-ibig ng Diyos, kailangan nating linangin sa ating sarili ang mga katangiang katulad ng kay Cristo gaya ng pagpapakumbaba, pag-ibig sa kapwa-tao, habag, at pagtitiis, at pagtulong sa iba

God and loving our fellow men.

One of our sons struggled with fitting in and self-esteem during his teenage years. My wife and I prayed to know how to help him, and we were willing to do whatever the Lord would have us do. One day I felt prompted to ask my elders quorum president if he knew of anyone in need who I could visit together with my son. After some thought, he asked us to visit a woman with significant health challenges and, with permission from the branch president, to bring the sacrament to her each week. I was elated but also concerned about how my son would react to this weekly commitment.

On our first visit, our hearts ached for this dear woman, as she was in constant pain. She was very grateful for the sacrament, and we enjoyed visiting with her and her husband. After a few visits, one Sunday I was away and could not accompany my son, but I reminded him of our assignment. When I got home, I couldn't wait to hear how the visit went. My son replied that he didn't think his classmates got to do cool things like this. And he elaborated by saying that he brought his brother with him to help and that the sacrament went smoothly, but this dear sister had been sad during the week because she had invited friends to her home to watch movies, but her video player would not work. My son said he searched online, found the problem, and fixed it for her on the spot. He felt useful, happy, and trusted to do something that brightened her day. He felt God's love for him.

If despite your best efforts life is overcast, if you feel that your prayers are not heard, or if you can't feel God's love, please know that your every effort matters and, as certain as the stars above us, that Heavenly Father and Jesus Christ know, hear, and love you.

na bumaling sa Tagapagligtas sa pamamagitan ng pagsunod sa dalawang dakilang utos na ibigin ang Diyos at ibigin ang ating kapwa.

Isa sa aming mga anak na lalaki ang nahirapang mapabilang at may ilang isyu sa pagpapahalaga sa sarili noong siya ay tinedyer. Nagdasal kaming mag-asawa para malaman kung paano siya matutulungan, at handa kaming gawin ang ipagagawa sa amin ng Panginoon. Isang araw nadama kong tanungin ang elders quorum president ko kung may kakilala siya na nangangailangan na maaari kong bisitahin kasama ang aking anak. Matapos mag-isip, hiniling niya sa amin na bisitahin ang isang babaeng may malaking problema sa kalusugan at, nang may pahintulot ng branch president, dalhin ang sakramento sa kanya linggu-linggo. Tuwang-tuwa ako pero nag-alala rin tungkol sa kung ano ang magiging reaksiyon ng anak ko sa lingguhang gawaing ito.

Sa una naming pagbisita, nahabag ang aming puso sa butihing babaeng ito, dahil patuloy ang sakit na nararamdaman niya. Lubos ang pasasalamat niya para sa sakramento, at masaya kami sa pagkikipag-usap sa kanya at sa asawa niya. Pagkatapos ng ilang pagbisita, nasa biyahe ako isang Linggo at hindi ko masasamahan ang aking anak pero ipinaalala ko sa kanya ang aming assignment. Pag-uwi ko, sabik akong malaman kung ano ang nangyari sa pagbisita niya. Sumagot ang anak ko na sa palagay niya ay hindi nakagagawa ang mga kaklase niya ng mga nakatutuwang bagay na tulad nito. At ipinaliwanag niya na isinama niya ang kanyang kapatid para tumulong, at maayos na naidaos ang sakramento, pero nalungkot ang sister na ito sa buong linggo dahil nag-imbata siya ng mga kaibigan sa bahay para manood ng pelikula, pero hindi gumana ang kanyang video player. Sinabi ng anak ko na nagsaliksik siya sa internet, nakita ang problema, at inayos niya ito kaagad. Nadama niya na naging kapaki-pakinabang siya, naging masaya, at tiwala na magagawa niyang mapasaya ang araw ng sister na ito. Nadama niya ang pag-ibig ng Diyos para sa kanya.

Kung sa kabila ng lahat ng inyong pagsisikap ay mahirap ang buhay, kung sa akala ninyo ay hindi pinakikinggan ang inyong mga panalangin, o kung hindi ninyo nadarama ang pag-ibig ng Diyos, nais naming malaman ninyo na bawat pagsisikap ninyo ay mahalaga at, kasintiyak ng mga bituin sa kalangitan, kayo ay kilala, naririnig at minamahal ng Ama sa Langit at ni Jesucristo.

On one occasion, when His disciples were in a boat being “tossed [by the] waves,” the Savior walked towards them on the water and assured them, saying, “Be of good cheer; it is I; be not afraid.” When Peter wanted to walk to the Savior on the water, Jesus beckoned to him, saying, “Come.” And when Peter lost his focus and began to sink, the Savior immediately reached out His hand to catch him and led him to safety while saying, “O thou of little faith, wherefore didst thou doubt?”

When the winds are against us in our lives, are we willing to be cheerful and courageous? How can we remember that the Savior does not forsake us and that He is near us, perhaps in ways we don't yet recognize? Are we willing to go to Him in faith, especially when the path before us seems impossible? And in what ways does He lift us to safety when we flounder? How can we faithfully look unto Him in every thought, without doubt or fear?

If you would like to feel the love of God more abundantly in your life, may I invite you to consider the following:

First, pause frequently to remember that you are a child of God and think of the things you are grateful for.

Second, pray daily, asking Heavenly Father to help you know who around you needs to feel His love.

Third, ask sincerely what you can do to help that individual to feel the love of God.

And fourth, act promptly on the inspiration you receive.

If we consistently pray and ask on the behalf of others, God will show us the people we can help. And if we act promptly, we can become the means through which He answers their prayers. By doing so, in time, we will receive answers to our prayers and we will feel God's love in our own lives.

A few months ago while traveling in Vietnam, my wife and I were on a flight that took off

Minsan, noong nakasakay ang Kanyang mga disipulo sa isang bangka na “hinahampas ng mga alon,” ang Tagapagligtas ay naglakad sa ibabaw ng tubig papunta sa kanila at pinanatag sila, sinasabing, “Lakasan ninyo ang inyong loob; ako ito. Huwag kayong matakot.” Nang naisin ni Pedro na maglakad papunta sa Tagapagligtas sa ibabaw ng tubig, pinalapit siya ni Jesus, na nagsabing, “Halika.” At nang mawala ang pokus ni Pedro at magsimulang lumubog, kaagad na iniabot ng Tagapagligtas ang Kanyang kamay para hawakan siya at sagipin habang sinasabing, “O ikaw na maliit ang pananampalataya, bakit ka nag-alinlangan?”

Kapag hinahampas ng hangin ang ating buhay, handa ba tayong maging masaya at matapang? Paano natin maaalala na hindi tayo pinababayaan ng Tagapagligtas at na malapit Siya sa atin, marahil sa mga paraan na hindi pa natin nakikita? Handa ba tayong lumapit sa Kanya nang may pananampalataya lalo na kung tila imposibleng tahakin ang landas na nasa ating harapan? At paano Niya tayo sinasagip kapag nahihirapan tayo? Paano natin Siya isasaalang-alang nang tapat sa bawat pag-iisip, nang hindi nag-aalinlangan o natatakot.”

Kung nais ninyong madama ang pag-ibig ng Diyos nang mas masagana sa inyong buhay, maaari bang anyayahan ko kayo na gawin ang sumusunod:

Una, huminto nang madalas upang alalahanin na kayo ay anak ng Diyos at isipin ang mga bagay na ipinagpapasalamat ninyo.

Pangalawa, manalangin araw-araw, hinihiling sa Ama sa Langit na tulungan kayo na malaman kung sino sa paligid ninyo ang nangangailangan na madama ang pag-ibig Niya.

Pangatlo, taos-pusong magtanong kung ano ang magagawa ninyo para matulungan ang taong iyon na madama ang pag-ibig ng Diyos.

At pang-apat, kumilos kaagad sa inspirasyong natanggap ninyo.

Kung patuloy tayong manalangin at hihingi para sa iba, ipapakita sa atin ng Diyos ang mga taong maaari nating tulungan. At kung kikilos tayo kaagad, tayo ang magiging paraan Niya sa pagsagot sa kanilang mga panalangin. Sa paggawa nito, matatanggap natin balang araw ang mga sagot sa ating mga panalangin at madarama natin ang pag-ibig ng Diyos sa ating sariling buhay.

Ilang buwan na ang nakalipas habang nasa biyahe sa Vietnam, kami ng asawa ko ay sakay ng

in a heavy storm. The turbulence was severe, and dark clouds, heavy rain, and lightning could be seen from our window. After a long and volatile ascent, our airplane finally rose above the storm clouds and emerged to this glorious vista. We were reminded once again of our Heavenly Father and Jesus Christ and felt Their great love for us.

Dear friends, as one who has experienced God's love, I joyfully witness that the Savior Jesus Christ is the love of God. His love for us is perfect, personal, and perpetual. As we faithfully follow Him, may we be filled with His love and may we be a lighthouse that guides others to His love. In the name of Jesus Christ, amen.

eroplano na lumipad sa kasagsagan ng malakas na bagyo. Matindi ang pag-uga ng eroplano, at makikita mula sa bintana ang madilim na kapalap, malakas na ulan, at kidlat. Matapos ang mahaba at mapuwersang pag-angat, ang eroplano sa wakas ay pumaibabaw sa mga ulap ng bagyo at pumailanlang sa maluwalhawing tanawing ito. Muling naipaalala sa amin ang ating Ama sa Langit at si Jesucristo at nadama ang Kanilang dakilang pag-ibig sa atin.

Mga minamahal kong kaibigan, bilang isang tao na nakaranas ng pag-ibig ng Diyos, masaya kong pinatotohanan na ang Tagapagligtas na si Jesucristo ang pag-ibig ng Diyos. Ang Kanyang pag-ibig sa atin ay ganap, personal, at walang hanggan. Habang tayo ay tapat na sumusunod sa Kanya, nawa'y mapuspos tayo ng Kanyang pagmamahal at maging tulad tayo ng isang parola na gumagabay sa iba tungo sa Kanyang pag-ibig. Sa pangalan ni Jesucristo, amen.